**GMRC 4**

**Unang  Panahunang Pagsusulit**

SY 2025-2026

Name: ________________________________ Date: _________________
Teacher: _________________________ Grade/ Section _____________

Panuto :  Basahin at unawain ang bawat sitwasyon at tanong. Isulat  ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____ _ 1. Anong uri ng kakayahang mag -isip ang nagbibigay sa tao ng kapasidad na suriin ang mga bagay nang masusi?

A. Kritikal na pag -iisip
B. Pag-iisip ng abstrakto
C. Malikhain na pag -iisip
D. Kakayahang mag -isip nang masalimuot

______ 2. Bakit mahalaga ang kakayahang magmahal sa pag unlad  ng relasyon?

A. Ito ay nagpapaunlad ng kakayahan at talento.
B. Ito ay nagpapatibay sa pag -unlad ng relasyon.
C. Ito ay nagbibigay -daan sa patuloy na pagkakaibigan .
D. Ito ay minsang nagbibigay inspirasyon sa pagtulong at pag-unawa

_______ 3. Paano maipakikita ng tao ang kakayahang magmahal sa pakikipag -ugnayan sa iba?

A. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo sa kanila.
B. Sa pamamagitan ng pakikinig  sa kan ilang saloobin.
C. Sa pamamagitan ng pagiging madamdamin sa lahat ng pagkakataon.
D. Sa pamamagitan ng pag -unawa sa damdamin at pangangailangan ng iba.

_______ 4. Ang sumusunod ay nabibilang sa kakayahang mag isip, alin ang hindi?

A. Kakayahan sa pag -unawa at empatiya
B. Kakayahan sa konseptwalisasyon
C. Kakayahan sa kritikal na pag -iisip
D. Kakayahang maging abstrakto

_______ 5. Paano mo maipakikita ang empatiya sa iy ong kapwa ?

A. Sa pamamagitan ng pag -iisip nang malalim.
B. Sa pamamagitan ng panghuhula sa nararamdaman ng iba.
C. Sa pamamagitan ng pagiging malikhain sa pagpapahayag ng damdamin.
D. Sa pamamagitan ng pag -unawa at pakikiramdam sa nararamdaman ng iba.

_______ 6. Sino sa sumusunod ang nagpapakita ng mabuting pakikitungo sa pamilya?

A. Gumagalang at laging nakikisalamuha ng maayos si Ana sa lahat ng miyembro ng kanilang pamilya.
B. Tumutugon si Mel kapag tinatawag siya ng kaniyang lolo.
C. Nakikipaglaro si Ken sa kaniyang nakababatang kapatid .
D. Nakikinig si Mara sa bilin ng kanyang ina.

_______ 7. Bakit mahalaga ang mabuting gawi sa pakikitungo sa pamilya?

A. Dahil nagpapalakas ito sa emosyonal at intelektwal na pag-unlad .
B. Dahil nakatutulong ito upang magkaroon ng maraming kaibigan.
C. Dahil tumutulong ito sa pagkakaroon ng mga bagong kaalaman.

D. Dahil nakakatulong ito upang pagbutihin ng bawat miyembro ang kanilang kakayahan.

_______ 8. Alin sa sumus unod na sitwasyon ang nagpapakita ng mabuting gawi sa pakikitungo sa pamilya?

A. Pagtulong at pag -aalaga sa kapatid.
B. Pagpapatawad sa pagkukulang ng ina sa pamilya.
C. Pagtanggap sa pagkakaiba -iba ng bawat isa sa pamilya .
D. Paglalaan ng oras upang magbig yang pansin ang mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat miyembro ng pamilya

_______ 9. Ano ang epekto ng mabuting gawi sa pakikitungo sa bawat kasapi ng pamilya?
A. Pinapadali para sa pamilya na magkaroon ng maraming kaibigan.
B. Maaaring maging inspirado an g mga bata na lumahok sa mga gawain sa pamayanan.
C. Nakatutulong sa bawat kasapi ng pamilya na maramdaman ang seguridad at pagmamahal .
D. Binibigyan ang mga bata ng pagkakataon na maging malaya sa mga gagawing desisyon.

_______ 10. Sa panahon na nakararanas na tayo ng mahirap na mga situwasyon, nauunawaan natin na ang pagmamahal at pang -unawa ng ating pamilya ang pinakamahalagang bagay sa mundo. Alin sa sumusunod ang mabuting epekto ng gawaing ito?
A. Pagiging responsable
B. Marunong makiramay at maawain
C. Pag-unlad ng karakter at moralidad
D. Personal na kagalingan at emosyonal na paglago

______ _ 11. Ano ang ibig sabihin ng pagiging magalang sa karapatan ng kapuwa -bata?
A. Pakikipag - usap sa ibang bata.
B. Pakikilahok sa gawaing pambata.
C. Pagbabahagi ng talento sa kapuwa - bata.

D. Pagkilala at pagsusulong ng karapatan ng kapuwa -bata nang may respeto.

_______ 12. Bakit mahalaga ang pagkilala sa karapatan ng kapuwa -bata?
A. Upang makamit ang tagumpay sa paaralan.
B. Upang maipakita ang pagkakapantay -pantay ng bawat bata.
C. Upang magkaroon ng mapayapang pakikisama at respeto sa isa't isa.
D. Upang maipakita ang kakayahan na makapamuno ang isang bata.

______ _ 13. Paano mo maipagmamalaki ang iyong sariling tungkulin?
A. Ililista ko parati ang aking mga ginawa at ipapakita ito sa guro .
B. Ipopost ko parati sa social media ang lahat ng aking mga ginagawa upang makita ng mga tao.
C. Gumawa ng mga mabubuting aksiyon nang may pagkukusa na katanggap -tanggap sa kapuwa .
D. Ipagmamalaki ko na marami akong mga tungkuling dapat gawin upang ako ay maparangalan .

_______ 14. Ano ang pangunahing layunin ng "Youth Leadership Training"?
A. Mag-organisa ng mga gawain para sa mga matatanda .
B. Turuan ang mga kabataan kung paano makipagkapwa.
C. Turuan ang mga kabataan ng mga liderato at responsibilidad.
D. Palakasin ang mga kabataan sa pagtutulungan para sa mga gawain.

______ 15. Paano mo maipakikita ang pag -unawa sa karapatan ng kapuwa -bata?

A. Pakikipaglaro sa mga bata.
B. Pakikilahok sa gawain ng mga bata.
C. Pagtuturo sa kanila ng mga impormasyon

D. Pagbibigay ng atensyon sa k anilang mga pangangailangan at damdamin.

_______ 16. Ano ang potensyal na epekto ng pagkilala sa karapatan ng mga bata sa kapayapaan sa lipunan?

A. Mas magiging disiplinado ang mga bata sa tahanan .
B. Pagkakaroon ng mas maraming mga alituntunin para sa mga bata.
C. Mas magiging masaya ang mga bata sa paggawa ng mga iniatas na gawain.
D. Pagkakaroon ng mas malalim at makatarungan na ugnayan sa lipunan.

_______ 17. Ano ang nagiging resulta kapag ang bawat isa ay nagtutulungan na maipahayag ang kanilang karapatan at maipatupad ang kanilang mga tungkulin?

A. Kaunlaran sa lipunan
B. Kagalingan sa trabaho
C. Kalinisan ng komunidad
D. Kaayusan at kapayapaan

______ 18. Bilang isang mag -aaral, paano ka magiging bahagi sa pagpapanatili ng kaayusan sa paaralan ?

A. Sa pamamagitan ng pagiging aktibo sa klase .
B. Sa pamamagitan ng pag -aaral nang mabuti sa mga asignatura .
C. Sa pamamagitan ng pag sunod sa mga alituntunin at pagiging respons able.
D. Sa pamamagitan ng sa paglahok sa mga gawain ng paaralan.

_______ 19. Paano maipakik ita ng mga magulang ang kanilang pagkilala sa karapatan ng mga bata?

A. Pagsang-ayon sa desisyon ng mga bata .
B. Pakikinig sa mga opinyon at damdamin ng

mga bata.
C. Pagbibigay ng responsibilidad sa mga bata.
D. Pagbibigay ng tamang edukasyon tungkol sa mga karapatan ng mga bata.

_______ 20. Ano ang maaaring maging positibong epekto ng pag -unawa sa karapatan ng mga bata sa tahanan?

A. Pagkakaroon ng mas matinding disiplina sa mga bata.
B. Pagkakaroon ng mas mahigpit na mga alituntunin sa paaralan.
C. Pagpapalakas ng pagkakaunawaan ng mga kapwa bata sa tahanan.
D. Pagsusulong ng mas malalim na ugnayan sa pamilya at pag -unlad ng mga bata.

______ 21. Ano ang banal na aklat ng mga Muslim?

A. Bibliya C. Vedas
B. Koran D. Mosque

______ 22. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng pananampalataya ?

A. Marami siyang alam na turo ng simbahan.
B. Ang sabi ng Bibliya ay makapangyarihan at mabuti ang Diyos.
C. Isa sa turo ng Islam ay ang pagbibigay ng tulong sa mga mahihirap.
D. Sinisikap kong maging mabuti, dahil naniniwala ako na mabuti ang Diyos.

_______ 23. Sa iyong palagay mahalaga ba na may pananalig o pananampalataya sa Panginoong Diyos?

A. Oo, dahil nakikita niya ang ating mga ginagawa .
B. Oo, dahil siya ang nagbigay buhay sa sangkatauhan .
C. Oo, upang matupad ang ating mga hinihiling sa kaniy a.
D. Oo, dahil sa pamamagitan ng pananalig natin sa

Diyos tayo ay lubos na napapalapit sa kaniya.

______ 24. Ano ang iyong ginagawa upang maipakita na ikaw ay tunay na nananalig sa Diyos?

A. Naniniwala sa kanyang mga aral at salita.
B. Nakikilahok sa mga gawain sa aming simbahan.
C. Nanalangin at nakikinig ng kaniyang mga aral sa pamamagitan ng pagsamba.
D. Ipinagmamalaki na mas malalim ang sariling pananampalataya sa mga kaibigan.

_______ 25. Ang sumusunod ay mga nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga magagandang aral na ating pinaniniwalaan , alin ang hindi?

A. Pagsamba
B. Panalangin
C. Pag-aaral ng salita ng Diyos
D. Pagsunod sa mga utos ng guro

______ _ 26. Alin sa sumusunod na pahayag ang wasto ?

A. Ang mga puno at halaman ay gawa ng tao .
B. Ang malinis na hangin ay hatid ng mga puno at halaman .
C. Mainit na panahon ang dulot ng mga puno at halaman sa paligid.
D. Mas presko ang paligid kung ang mga puno at halaman ay hitik sa bunga.

_______ 27. Ano ang maaari mong gawin para maipakita ang pangangalaga sa mga halaman?

A. Pagdidilig ng halaman araw -araw.

B. Pagbili ng mga pananim na puno .
C. Pagmamasid sa mga halaman sa parke.
D. Paglalagay ng mga palamuti sa tanim na halaman.

_______ 28. Sino sa mga sumusunod na mga bata ang HINDI nagpapakita ng pangangalaga sa mga halaman?

A. Si Karen na nag -aayos ng mga natumbang paso.
B. Si Mark na nagbubungkal ng lupa para makapagtanim.
C. Si Joy na masayang namimitas ng mga bulaklak sa parke.
D. Si Neil na naglilinis ng taniman ng gulay sa k anilang bakuran .

_______ 29. Ang kapitan ng inyong baranggay ay nagpatawag ng pulong para sa kabataang tulad ninyo para sa ilulunsad na bagong proyektong “Halamang Gamot Para sa Kalusugan”. Papaano mo ibabahagi ang iyong oras sa proyekt ong ito?

A. Sasabihin ko na interesado ako sa proyekto.
B. Padadaluhin ko ang aking mga kaibigan sa pulong.
C. Dadalo ako sa pulong upang malaman ang aking maitutulong.
D. Makikibalita sa aking mga kaibigan kung ano ang napag -usapan sa pulong .

_______ 30. Maraming puno at halaman ang napinsala sa inyong lugar pagkatapos ng malakas na bagyo. Ano ang maaaring gagawin upang makatulong sa pag -aayos ng mga ito?

A. Itatabi ang mga nas irang halaman sa paso.
B. Kukuhanan ng larawan ang mga napinsala ng bagyo.

C. Itatayo ang mga nabuwal na halaman na maaari pang mabuhay.
D. Ipagbigay alam sa kapitbahay ang mga nasirang puno at halaman sa bakuran.

______ 31. Kumain kayo ng iyong mga kaibigan ng pipino . Marami kayong natanggal na buto. Ano ang maaari mong gawin?

A. Ilagay ang mga buto sa isang lalagyan .
B. Ipunin ang mga ito at itanim sa bakuran.
C. Itapon ang mga buto ng pipino sa tamang basurahan.
D. Wala sa mga nabanggit .

______ 32. Ang Barangay Ma payapa ay naglunsad ng proyektong "Magtipon ng mga Buto at Binhi" para sa pagtatanim ng mga gulay sa buong lugar. Papaano mo ibabahagi ang iyong oras?

A. Magpapabili ako ng mga buto at binhi na ibibigay sa barangay.
B. Magtitipon ako ng mga buto at binhi at ibibigay ko sa barangay.
C. Imumungkahi ko ang tindahan upang maging bilihan nila ng mga buto.
D. Pasasalihin ko ang kapatid ko sapagkat marami siyang alam sa mga buto at binhi.

_______ 33. Ang sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga puno at halaman, alin ang HINDI ?

A. Ang mga kilos ng pagiging mapanagutan ay nararapat ding ibigay sa mga puno at halaman .
B. Kapag nag -alaga ka ng puno at halaman, aalagaan ka rin bilang ganti ng mga puno at halaman.
C. Ang pag -aalaga sa puno at halaman ay nararamdaman dahil sa ating mapanagutang pagpapahalaga.
D. Hindi na kailangang alagaan ang puno at halaman dahil hindi sila inaalagaan noong mga sinaunang

panahon.

_______ 34. Nakatira kayo sa isang apartment. Walang bakanteng lote na mapagtaniman sa harap o likod ng inyong tirahan. Nais mong makilahok sa proyektong pagtatanim ng gulay. Ano ang iyong gagawin?

A. Bibili ako ng artipisyal na halaman.
B. Magtatanim ako sa mga paso at lata.
C. Iisip na lamang ako ng ibang proyekto.
D. Magpapatulong ako sa aking mga magulang.

______ 35. Ang mga mag -aaral sa Tayabas ay palaging inaalagaan at dinidiligan ang mga halaman sa kanilang paaralan. Ano kaya ang mangyayari kapag pinagpatuloy nila ang gawaing ito?

A. Matutuwa ang kanilang mga guro.
B. Masisiyahan ang mga pumapasok sa paaralan.
C. Tataas ang kanilang marka sa EPP at iba pang asignatura.
D. Gaganda at lalago ang mga halaman sa kanilang paaralan.

______ 36. Alin sa mga gawain sa ibaba ang kaugaliang Pilipino na nagpapakita ng kanilang pagiging masayahin at magiliw?

A. Pananatili sa loob ng bahay kasama ang pamilya.
B. Pagiging masayahin kapag kasama ang mga kaibigan
C. Paniniwala na ang kasiyahan ay nakasalalay sa kapalaran.
D. Kakayahang ngumiti at magpatawa sa iba -ibang situwasyon .

_______ 37. Alin sa mga pahayag ang pagsasakilos ng mabuting kaugaliang Pilipino?

A. Ipinagmamalaki ang magagandang tanawin sa bansa.
B. Pinalalakas ang impluwensiya ng dayuhan sa kultura .
C. Ipinapakita ang mga magagandang ugali ng mga Pilipino
D. Ipinamamalas ang kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas

______ 38. Paano mo maipakikita ang pagiging mapagpakumbaba bilang isang mabuting kaugalian ng Pilipino?

A. Pagtulong sa kapuwa .
B. Pakikisalamuha sa kapwa
C. Pag sisikap sa pagtatrabaho.
D. Pag tanggap sa mga pagkukulang at pagkakamali .

_______ 39. Sa anong paraan maipakikita ang pagkamakatao? ?

A. Pagsali sa proyekto ng barangay .
B. Pakikilahok sa gawaing pampamayanan.
C. Pagsunod sa mga batas at responsibilidad.
D. Pagtulong at pag -alalay sa isang taong natumba sa daan.

_______ 40. Ano ang dapat mong gawin para mapalawak at mapalalim ang kaalaman sa pag -uugaling Pilipino ?

A. Pagbili ng sariling produkto.
B. Paglahok sa mga patimpalak sa barangay.
C. Pagdalo sa mga palatuntunan sa pamayanan .
D. Patuloy na pag -aaral sa kultura at kasaysayan ng Pilipinas .